**A2:** Ang SOP (standard operating procedure) ay ang pagsusuot ng facemask at faceshield. Sinisiguro namin na sealed ang food bago namin tanggalin from vendor. At may mga customer nman na magbabayad nakalagay sa plastic ang payment pag COD.

Kung card payment nman, kinokontak nmin ang customer, madalas sa lobby lang iiwanan or sa guard. Redundant pero alcohol after every transaction for safety of both parties involved.

**IN:** Opo sir may point po kayo importante talaga ang safety lalo na ngayon.

So bale Sir sa usapang sahod naman po. Pano kayo kumikita sa FoodPanda if okay lang po na matanong? Kada order po ba ang bayad sainyo? Kada araw? Or kada kinsenas?

**A2:** Weekly ang sahod kay FoodPanda. Dalawang cutoff yun, Tuesday at Thursday.

**IN:** Okay kuya noted po. So syempre wala pong trabahong madali, lahat talaga mahirap at pagsisikapan para sa hanapbuhay. Ang tanong ko kuya, ano yung mga problema na nararanasan mo bilang rider at ano yung mga problemang nararanasan mo sa tuwing nag dedeliver ka?

**A2:** Minsan matagal lumabas ang customer.

**IN:** Mula sa panda mismo kuya ano yung nararanasan mong problema sa kanila? Sa iba naming nainterview, ang sabi nila minsan palpak daw yung sistema. Nakaranas ka na nito? Pwede mo na maikwento yung karanasan mo?

**A2:** Auto break at System error. Palpak ang sistema nila.

**IN:** Sa anong paraan kuya? Baka sakaling may similar experiences ka rin sa ibang riders na nakausap namin.

**A2:** Yung papunta ka na sa vendor tapos biglang undispached.

**IN:** Hassle yun kuya kasi syempre bumyahe ka pa tas pag dating mo undispached ka. Yan nga rin ang sabi ng iba. Pero kuya naranasan mo na ba ma "no-show" ng customer mo? Or ma scam?

**A2:** Yung wala naman pumapasok na order biglang hindi ko daw tinanggap ang order. Tapos no show or fakebooking. Pag maliit ang amount inaabonohan na lang, pero pag malaki pinapacancel sa dispatcher, supported ng report pictures screenshot. Yun nga lang pag madalas ang cancelation, suspension ang sanction, kahit hindi namin kasalanan.

**IN:** Galing to sa sarili nyong pera kuya? Hindi to provided ng foodpanda if na scam ka?

**A2:** Actually wala naman talagang abono kay panda kasi pickup at deliver lang kami. Kung masamang ka yun ang consequences, for example amount ay 1,750 na COD. Kukunin namin ang food sa vendor pickup, no cash out. Ang problema pag nasa drop off ka na at nag no show ang customer, either cancel or undispached ka.

**IN:** Grabe pala ang consequences rin kuya kahit hindi nyo naman kasalanan. Bilang rider kuya, pano nakakaapekto yung mgs ganyang problema sayo? Pano nyo nalalampasan yung mga sitwasyon na ganyan?

**A2:** Apektado ang trabaho kapag ganito, aksaya oras, gasolina at mababa ang kita. Para malampasan, sipag tyaga, at dasal. Laban lang palagi, positive thinking palagi.

**IN:** Oo kuya kaya hanga talaga kami sainyo. Kaya namin naisipan gawan ng thesis yan kasi gusto rin namin ipaglaban yung trabaho nyo kasi para samin frontliners rin kayo eh. Konting questions nalang kuya matatapos na rin interview natin salamat talaga sa oras nyo. Konti nalang kuya bale; para sayo ba kuya importante ba yung ratings ng mga customer? Pag ba mababa ang rating mo nakakaapekto na to sa trabaho mo?

**A2:** Rating namin sa performance din namin galing, walang late, accept lahat order, walang decline, walang cancel. Batch 4 ako ngayon pero okay lang, laban pa din. Di maiwasan ang late at decline lalo na pag malayo ang hatid at mababa ang rate



**IN:** Ano meaning nung batch 4 kuya? If pwede ko lang rin isingit?

**A2:** Batch 1-5 Ang sa amin. Batch 1 yuon ang mga halimaw ng FoodPanda, meaning walang late, walang decline at accept lahat. Kumikita pa din nman ang batch 4 Basta masipag ka at full schedule kaya pa 1k per day. Full schedule means 12 hours tops.

**IN:** Tapos within 12 hours kuya, average nyo is 1k?

**A2:** Yes sa batch 4 nasa 21 deliveries yun. Pag batch 1-2 mga 16-18 deliveries, or depende sa rate per delivery. Iba iba kasi depende sa layo ng drop off.

**IN:** Yung batch 1 ba kuya mas mataas ang kita sa mas mababang batch or parepareho lang kayo in average?

**A2:** In average yes, pero mas madami kasi sila magagawa na delivery minimum 25 to 30 per day. Kaya at the end of the day kumikita sila mga 1,400+ or 1,700+ pag swerte sa delivery. Per day ito ha.

**IN:** Pero kuya kung batch 4 ka ba, pwede ka parin ba mailipat sa batch 1? Or talagang batch 4 ka na?

**A2:** Pwede nman. Malipat sa batch 1 Basta dapat consistent

**IN:** Kuya nakaranas ka na ba na magkaron ng alitan sa mga customer mo? Ano po example?

**A2:** Marami, example is yung pinapaakyat ang food kasi nasa 3rd floor sya pero as per pandemic bawal. At alam nila yun na dapat sila ang bumaba.

**IN:** Pano nyo po hinahandle yung ganyan?

**A2:** No choice, iaakyat mo pa din pag hindi exclusive village o subdivision, kasi doon pag bawal, bawal talaga. Chill na lang, hatid lang then alcohol after. Madalas smile nalang after.

**IN:** Bilang rider kuya, anong klaseng support ang binibigay ng foodpanda sayo pag nakakaranas ka ng mga problema sa sistema? Sumasagot ba sila agad pag may reklamo ka? May ginagawa ba sila para maresolba yung mgs problemang kinakaharap mo?

**A2:** Wala. Sasabihin lang sa iyo i-restart mo ang cellphone mo. FYI "Indian" national ang dispatcher. May instances lang na may mga Pinoy na dispatcher na nakakausap o tatawag kapag malala na ang sitwasyon. Example, austomer claiming na nasa kanya na ang food at binayaran na nya kahit nasa rider pa, facebooking scam. Kaya alerto kaming mga rider pag ganun, picture support agad.

**IN:** Yung load mo ba kuya at data, pera mo yun or provided ng foodpanda yun?

**A2:** Mine, load at data galing sa sariling bulsa.

**IN:** Last question na tayo kuya, Pwede mo ba maikwento yung experience mo bilang rider ngayong may Covid? Ano yung mga challenges sayo? Gubyrno ba may support sa mga riders na tulad nyo syempre lalo na nung nag lockdown, kayo ang main source ng pagkain ng karamihan tulad namin. Ano yung experience mo ngayong may covid?

**A2:** Masasabi ko na supported ng gobyerno kami biglang rider kasi nag provide sila ng ID pass para makatuloy kami kahit pandemic lalo na nung lockdown kasi kung wala kami access, wala kaming byahe. Challenge yung pumupunta ka sa mga bahay not knowing kung ano ang risk. Mas mahirap gumalaw kasi palaging nagaalala. Syempre umuuwi ka everyday sa mga mahal mo praying na wala kang dala na virus.

**IN:** Okay kuya, bale that's all my questions. Thank you sa time mo and sa mga answers mo.

**A2:** Thank you and good luck sa thesis sana nakatulong din ako.

[END 12:35PM]

## **Sir G Interview Transcription**

Interviewer: Calvin Jacob F. Gaffud

Interviewee: G

Date of Questions Sent : March 11, 2021

Date of Answers Sent : March 12, 2021

Location of Interview: E-Mail (Virtual Chat)

**G** = G & **IN** = Interviewer

[Begin 9:00pm March 11]

**IN:** Gaano katagal na po kayo nagtatrabaho sa Food Panda?

**G:** Almost one month na akong nagtatrabaho sa food panda as a delivery rider mula noong nagsara ang pinapasukan kong company as a computer and Cctv installer

**IN:** Paano ang work arrangement ninyo sa Food Panda?

**G:** Pickup ng item sa vendor and deliver sa Customer

**IN:** Meron ba kayong pinirmahang kontrata bago pumasok? Nabasa niyo ba ang terms?

**G:** Wala akong pinirmahan na anumang. Kontrata sa Food Panda at ang tanging nabasa ko ay ang pag agree sa kasunduhan na magtatrabaho ako sa kanila as a freelance delivery lamang.

**IN:** Isa ka bang full-time na rider sa Food Panda or part time?

**G:** Hindi po ako full time na empleyado ng Food Panda, isa lang po akong freelance

**IN:** Paano ka nakapag-apply sa Food Panda?

**G:** Nakapag apply ko ako dahil na rin sa payo ng aking kababata sapagkat maganda raw ang bigayan o kitaan ng pera.

**IN:** Anu-ano ang mga requirements na kailangan ipasa?

**G:** Ang mga requirements na kailangan isumiti ay ang mga sumusunod... Valid ID gaya ng mga government ID SSS, Tin, Nbi or Police Clearance and etc...

**IN:** Sa inyo / sariling gastos ba iyong gas at mga kagamitan tulad ng helmet, uniform, motorbox?

**G:** Ang gastos namin bilang isang rider ay ang gasolina, maintenance ng motor at mga iba pang mga kagamitan o safety gears kasama narin mga safety personal hygiene gaya ng alcohol, face mask, face shield at iba pa. Pagdating naman sa kasuotan at box na pinaglalagyan namin ng mga item na aming pinipickup at idedeliver sa customer ay ikinakaltas sa aming sahod ng Food Panda.

**IN:** Anu-ano ang mga safety protocols na kailangan ninyong sundan bilang delivery rider?

**G:** Pangalagaan ang kaligtasan naming mga rider sa pamamagitan ng maingat na pagmamaneho at social distancing and proper way upang mapangalagahan din ang kaligtasan sa kalusugan ng aming mga customer lalo na sa panahon ng pandemya (covid).

**IN:** Paano niyo napapractice and social distancing?

**G:** Napapractice o napapanatili namin ang social distancing sa pamamagitan ng maayos at maliwanag na pagsasagawa or pagpapayo sa aming mga customer ng mga tamang pakiki harap sa amin alang alang narin sa kanilang kalusugan at kaligtasan.

**IN:** Sa pagbili at pagdeliver ng pagkain, paano ang proseso?

**G:** Sa Pagbili naman ng mga customer ng kanilang item ay mayroong sariling website si Food Panda kung saan makikita ang sari-saring vendo at pagkaen na kanilang iniaalok ng online at kasama narin ang mga discount sa mga piling item.

Kapag nakapag avail na sila ay mamimili sila ng selection kung papaano nila babayaran, maaring COD o cash on deliver o gcash payment. At pag nakompleto na ang payment ay agad ng ibibigay sa aming mga rider ang

next step at Ito ay ang pag accept ng delivery , pickup sa vindo at Deliver sa client.

**IN:** Paano kayo nasusweldohan?

**G:** Pinapasahod kami ni Food Panda dalawang beses sa isang linggo at sag cash ni Food Panda ito ipinapadaan, ang laki or taas ng sasahurin naming ay nakadepende sa booking or sa pag accept ng delivery,pag maraming accept the more mas malaki ang sasahurin

**IN:** May mga fees ba kayo kada buwan?

**G:** Sa aking pagkakaalam ay may ibinabawas si Food Panda sa bawat sahod namin ito ay ang tinatawag na adjustment or tax deduction.

**IN:** Pwede niyo bang idescribe ang inyong payment scheme, kung pano kayo sinuswelduhan. Kada order ba? Kada araw? May quota ba? Etc.

**G:** Ang pagpapasahod sa amin ay naka depende sa bawat booking or acceptance ng mga deliveries sa bawat araw, pag marami kang accept ng booking the more na mas malaki ang sasahurin mo kada 2x a week na sahurin at kong mahina naman ang acceptance mo ng order bawat araw ay asahan mong maliit din o mababa ang sasahurin mo kahit na sabihing walang quota. Ang masasabi ko lang sa aking sinasahod ay mas malaki kesa sa nangangamuhan pero nakadepende parin ang sasahurin ng isang rider sa kanyang sipag at tiyaga...kaya malaking tulong si panda samin lalo na nitong nasa gitna tayo ng pandemic.

**IN:** Ano anong uri ng problema or issue ang nararanasan niyo bilang rider?

**G:** Ang isa sa mga problema na nararanasan naming bilang isang rider ay ang pagkakaroon ng mga fake booking at maling pin ng address ng mga customer na nagdudulot sa amin ng pagkaantala at pagkuha ng iba pang booking.

**IN:** Gaano kadalas ninyo naexperience yung ganito?

**G:** Ang pagkakaroon ng fake booking ay paminsan minsan lamang ngunit hindi maiiwasan, Subalit ang pagkakaroon ng customer na mali ang pagkakapin ng address ay halos madalas na nagiging sanhi ng matagal na pagdidiliver ng item sa customer.

**IN:** Paano niyo nareresolba ang ganito?

**G:** Nareresolba namin ang mga ganitong problema sa pamamagitan ng maayos na pakikipag usap sa customer upang makuha ang tamang address at malapit na land mark sa kanilang titirhan.

Subalit ang pagkakaroon ng mga fake booking ay sinisigurado namin na hindi talaga makontak, matawagan at mali ang nilagay na address ng customer na may kalakip na larawan ng maling lugar na pinag dropan ng item at ipinadadala naming sa aming rider support upang maiwasan ang mga di kanais nais na paratang na ikasisira ng aming imahe at pagkawala ng hanapbuhay.

**IN:** Pwede nyo ho ba saming maikwento ang proseso ng pagdedeliver ng mga order?

**G:** Ang mga proseso ng aming pagdedeliver ng mga order ay ang mga sumusunod..

Bago kami magpickup at sinisigurado muna naming na nasa zone area kami mag iin, ang tinatawag na zone ay iyong area o lugar kung saan ka naka assign upang kumuha ng mga booking or deliver, gaya ng mga sumusunod..North QC, South QC, North Nova at South Nova kasama narin ang mga iba pang lugar.

Kapag nakapasok kana sa zone at nagsimula ng mag umpisa ang iyong duty ay saka papasok ang mga booking or deliver at pag inaccept mo na ang booking na pumasok sa iyong account ay agad mo ng pupuntahan at kukunin ang item para ideliver kay customer.

Hindi ka naman mangangamba kahit hindi mo alam ang lugar na pag pipickupan at pag dedeliveran ng item sapagkat may mapa ka naman na susundan, ito ay ang google map or waze map.

Kapag nadrop muna ang item kay customer ay agad kang papasukan ng mga panibagong booking at ganun lang ang proseso pickup and deliver hanggang sa makarami ka.

**IN:** Anong mga issue ang nararanasan niyo sa pagdedeliver?

**G:** Ang kadalasan lang na issue na nararanasan namin sa pagdedeliver mula sa Food Panda ay ang paminsan minsang log or bagal ng application na ginagamit namin sa pagkuha at pagdeliver ng item sa mga customer at ang nagiging sanhi nito ay ang pagbagal ng pagpasok ng booking, pagpickup at pag deliver ng item sa customer kung бага pag nagluco ang apps ng rider ay damay na lahat.

**IN:** Naka encounter na ba kayo ng mga “no show” order mula sa mga customer? Paano ito nakaka-apekto sa inyo bilang rider?

**G:** Sa ganyang problema ay hindi ko pa naman nararanasan ang mga ganyang pangyayari mula ng pagpasok ko sa Food Panda, subali may mga naririnig narin akong mga balita mula sa mga kapanda na may mga nangyayari na minsan ay nagdodrop ang rider ng item kahit hindi pa nakakarating o natatanggap ng customer.

Ganun din naman sa customer na kahit nakuha o nadrop ng rider ang item sa customer ay tatawag ang customer sa Food Panda upang ireport na hindi pa nila nakukuha ang item nila, kong бага nagsisinungaling si customer upang sa ganun ay mabigyan or maibalik ang pera kay customer kaya ang mangyayari ay kawawa si rider na maaari niyang ikatangal sa trabaho.

Sa ngayon ay wala pa akong nababasa na polisiya mula kay Food Panda na maprotektahan ang mga rider mula sa mga mapag abusong customer. Sa pag iintay naman sa customer upang maibigay ang kanilang item ay tumatagal lamang ng minute pero depende narin sa tagal ng pakikipag communicate ni customer kay Panda Rider kong minsan naman kapag ang customer ay nakatira sa mga exclusive subd. o condo ay mas matagal sapagkat maraming mga proseso ang ipinapagawa sa mga rider ng pamunuhan ng subdivision o condo na tinitirhan ng mga customer upang maka iwas sa pandemya o covid na amin namang sinusunod sapagkat iyon ang kanilang patakaran na nagiging dahilan sa mabagal na proseso ng pag deliver.

Ang lahat ng ito ay nalalagpasan namin sapagkat ito lang sa ngayon ang nagsisilbing pagkakakitaan at inaasahan naming upang masuportahan ang

aming mga pamilya lalo na sa panahong nakakaranas tayo ng kahirapan dulot ng kumakalat na sakit na sadyang nagpapahirap sa bawat tao.

Sa ngayon ay ipinamumungkahi ng pamuhuan ng Food Panda na kapag naideliver or naiabot na sa customer ang item n inorder nila ay kailangang kuhanan ng picture ang customer na hawak ang item upang magsilbing ebedensya kong sakali mang magreklamo ang customer at sabihin niyang hindi pa niya nakukuha ang kanyang item.

Sa pagbibigay naman ng penalties ni Food Panda pumapasok ito sa tinatawag na batch or level kong saan binabase ang inyong performance sa level or batch 1,2,3,4 and 6

Kapag ikaw ay nakagawa ng mga bagay na labag kay Panda ay malaki ang epekto nito sa magiging performance mo. Mula sa pinaka mataas na 1 ay sinasabing mas priority ka ni Panda na bigyan ng maraming booking at priority din sa pagkuha ng schedule every week at ang pinaka worse ay ang batch 4 na masasabing mahirap makakuha ng schedule at booking at bakit hindi 6 ang worse sapagkat sa 6 lahat nilalagay ni Food Panda ang mga new comers or bagong riders isa rin ang 6 sa mga binibigyan ni panda ng priority upang makapag simula or makapagpakita ng kasipagan na maaaring maglagay sa kanila sa Good and Bad batch.

Kailanman ay hindi nagbibigay ng pera or capita si Food Panda sa mga riders sapagkat lahat ng iyong gastusin ay si riders lamang ang gagastos mula sa gasoline,maintenance ng motor at bag and uniform na pedeng ideduct sa iyong pagsahod.

Sa incentives naman ay wala pa akong naririnig mula nung unang pagpasok ko okay Food Panda mula sa ibang mga Panda rider kong meron man ay agad naman itong ipagbibigay alam sa telegram na agad naming makakarating sa bawat riders.

**IN:** Kamusta ang experience ninyo sa mga customer?



**G:** Sa ngayon at sa awa naman ng Diyos ay hindi pa ako nakaka experience ng mga customer na gaya ng mga naibabalita sa TV na modus or magagaspang ang ugali,demanding at mapag abuso sa mga riders at karamihan sa mga nakakaharap ay mga maayos ang pag uugali at mababait. Sa ngayon ay hindi ko pa nararanasan na ma scam dati man o ngayon kaya wala pa akong idea kong papaano ma scam, pero sana wag na kasi mahirap.

**IN:** May mga na-experience na ba kayong technical issues sa apps ng Food Panda?

**G:** Mga technical issues na nararanasan ko sa apps ni Food Panda.. Naglalag at bumabagal mag response na nagiging sanhi ng mabagal o delay na pagpasok ng mga booking or delivery.

**IN:** Importante ba sa inyong mga riders ang rating ng customer? Nakakaapekto ba ito sa inyong trabaho? Sa paanong paraan?

**G:** Napakalaki ang nagagawa ng rating na ibinibigay ng bawat customer sa mga rider sapagkat nakakapag bigay ito ng mataas na pag tingin at respeto ng mga customer sa mga rider at nakakatulong magpa taas ng batch ng bawat riders.

**IN:** Paano niyo nireresolba kapag may alitan kayo sa customer? Nakakaapekto ba ito sa inyong trabaho? Sa paanong paraan?

**G:** Nareresolba namin ang alitan sa customer sa pamamagitan ng maayos na pakikipag usap at pag uunawa sa nararamdaman ng customer at inaalang kong ano ang inaang at kasagutan sa kanilang reklamo na hindi na kailangan na makarating pa sa pamunuhan ng Food Panda.

**IN:** Ano ang protocols na meron ang Food Panda para maiwasan ang mga bogus buyers at scammers? Madali lang ba maireport ito sa management? Bakit?

**G:** Sa ngayon ay wala pang matibay na protocols ang pamumuhan ng Food Panda

upang maresolba ang ganitong problema pero binigyan kami ng pahintulot na picturan ang customer na hawak ang item upang maging katibayan na nakuha o natanggap na nila ang item. Madali lang sa aming mga riders ang makapag report sa management gamit si rider support subalit hindi parin ito sapat upang maresolba ang mga problema sa mga bongus at scammers.

**IN:** Anu-ano ang mga polisiya na meron ang Food Panda pagdating sa suporta nila sa kanilang mga riders?

**G:** Sa aking opinion ay hindi pa ganun katibay ang polisiya na meron si Food Panda

para mapangalagaan ang mga riders pagdating sa mga bongus o scammers at lalong lalo na pagdating sa kaligtasan ng mga Panda Riders. Sa ngayon ay hindi ko pa nararamdaman ang mga polisiya ng food Panda lalong lalo na sa kaligtasan ng mga riders kaya wala akong maibigay na halimbawa sa ngayon.

**IN:** Nagbibigay ba si Food Panda ng paunang capital para sa inyong mga deliveries? O sariling pera ang pinambibiliniyo ng orders.

**G:** Hinding hindi nagbibigay si Food Panda ng anumang capital sa mga riders upang

ipang abuno o ipangbibili ng orders sapagkat si Food Panda ang siyang nagbabayad o nag aabuno ng lahat ng orders ng mga customers at binabayaran nalang ng mga customers sa pamamagitan ng COD or Cash on delivery at sa pamamagitan rin ng pagbabayad gamit ang GCash kya wala kaming inilalabas at inaabono na pera.

**IN:** Meron ba kayo natatanggap na incentives sa kumpanya, tulad ng load or data connection?

**G:** Sa ngayon ay wala pa akong nabalitaan na nagbibigay ng incentives ang Food Panda at lalong lalo ng hindi nagbibigay ng pang load or data load si Food Panda, Kaming mga riders ang sumasagot sa lahat ng pangangailangan namin mula sa load hanggang sa maintenance ng motor at gasoline.

**IN:** Pwede niyo ho bang maikwento sa amin ang mga experience niyo bilang delivery rider ngayong COVID-19 Pandemic?

**G:** Ang mga experience ko bilang rider sa panahong nasa ilalim tayo ng pandemic ay

subrang kabado sapagkat hindi namin alam ang mga pwedeng mangyari sa amin pwedeng mamatay sa aksidente o sa covid at sa ngayon ay wala pang malinaw na anunsyo si Food Panda sa aming mga riders kung ano ang mga magagawa o maibibigay nila sa amin nitong panahon ng pandemic na suportang kaya sobrang pag iingat nalang ang aming ginagawa alang alang narin sa aming mga pamilya.

[END 7:30pm March 12]

## **Sir J Interview Transcription**

Interviewer: Gian Emmanuel R. Tolentino

Interviewee: J

Date of Questions: March 11, 2021

Date of Answers: March 11, 2021

Location of Interview: Video Call

**J** = J & **IN** = Interviewer

[Begin 1:00PM]

**IN:** Pangalan, edad, at gaano katagal na nagtatrabaho sa FoodPanda. Fulltimer?

**J:** Caballero Canoy, 33 years old. Wala pa akong taon sa FoodPanda, months palang, 6 months. Fulltimer po talaga ako sir.

**IN:** Kung okay lang po matanong, ano po ang previous na trabaho niyo po bago kayo nag FoodPanda? Bakit niyo po naconsider na pumasok sa -FoodPanda?

**J:** Bale isa akong cook sa isang restaurant sir. Bale naudyok lang ako sa trabaho na FoodPanda na'to sir, kasi karamihan ng kasama ko sa trabaho ay nasa FoodPanda na, tsaka ang maganda lang dito sa FoodPanda sa amin, kasi tawag kasi nila freelancer.

**J:** Ibig sabihin ng freelancer is hawak namin yung oras namin, hawak namin yung araw namin. If gusto namin mag-relax ay okay lang pero sa palagay ko, parang di na rin siya freelancer sir, kasi halimbawa, kasi ang pagkakaintindi ko kasi, ang freelancer is, pag nag-in tayo, is okay na. Dito kasi kay FoodPanda, bale kumukuha pa kami ng schedule, tapos yung kinukuha naming schedule is 5 hours, kailangan namin pasukan sa tamang oras yan, at kailangan namin mag-out sa tamang oras din. Atsaka kung di kami nakakakuha ng schedule, hindi kami nakaka-duty

**IN:** Meron daw parang “batch-batch” ba, parang may ganung sistema ba?

**J:** Yes sir, by batch kami sir, yun na nga, binabase nila yun sa performance namin yun sir. Yun na nga pinagtataka namin, parang hindi na siya freelancer.

**IN:** So ano pong batch niyo ngayon sa FoodPanda sir?

**J:** First time ako napasok is mag start ka talaga sa Batch 6, pinakamababa yun, tapos aabutan ka ng up to 1 month or after 1 month, depende talaga sa performance mo yun, kasi ako bago ako naging Batch 4, umabot pa ako ng mahigit isang buwan, tapos umabot ako ng isang buwan na naman, naging Batch 2, tapos mejo, syempre freelancer nga ang tawag, may araw na gusto namin mag relax, hindi kami magduduty, may araw kami na gusto namin mag half day lang, pero okay lang yun, pero nagbaba yung batch namin.

**J:** Batch 2 ako nung last week, tapos naapektuhan yung isang araw nung mejo nag-iin ako ng maaga, nag-absent, kase di naman kami magdadalawang-isip na mag-absent kasi yun nga freelancer ang pagkakaintindi namin, bigla akong bumalik sa Batch 4.

**IN:** Paano po ba yung work arrangement niyo sa FoodPanda sir, meron po ba kayong pinipirmahang kontrata bago pumasok, or parang orientation bago kayo sumabak sa work?

**J:** Bale wala kaming pinipirmahan na kontrata sir, pero may orientation kami. Orientation about sa deliver, about sa mga policies din.

**J:** Pag nag-umpisa kami, direktso agad sa trabaho. Wala kaming pinipirmahan, katulad sa kumpanya, yung 6-months ganun, wala po.

**IN:** Paano kayo nakapag-apply sa FoodPanda, ano ano yung mga requirements na kailangan ipasa?

**J:** First requirement is driver's license, tapos yun lang. Bago kami pumasok, nagregister kami sa application. Umabot ng mga mahigit isang buwan, hinihingian na kami ng police clearance, NBI clearance, tsaka nagdudrugtest na kami sa kanila sir

**IN:** So di naman pala kailangan ng prior experience bago pumasok kay FoodPanda?

**J:** Hindi naman po sir. Basta kumpleto lang kayo ng requirements, yung motor dapat nakaregister talaga, di siya expired, tapos number one talaga is may license ka, kasi yun talaga importante kay FoodPanda.

**IN:** Sariling gastos niyo ba pang-gas, kagamitan tulad ng helmet, uniform, motorbox, provided ba siya?

**J:** Hindi siya provided sir, kasi yung ginagamit namin na thermal bag, binabayaran namin yun. Bago kami nagaapply sa FoodPanda at hinahire kami, pag qualified na kami, nagdodownpayment kami ng 500 pesos sa kagamitan po, sa thermal bag at sa 2 pieces na tshirt as uniform

**J:** Starting kami pumasok, magdodownpayment kami ng 500, tapos pag nakaumpisa na kami, dinededuct yun sa sahod namin every week, kasi nagcucut off sila every Sunday. Yung kita namin sa Sunday, doon nila dinededuction yung kagamitan ng 250 pesos kada week, tapos meron pa yung kinakaltas na parang tax. (Halos 2k per month)

**J:** Sarili na namin yung helmet, wala kaming allowance sa gas. Wala rin safety gears tulad ng mask, alcohol, etc.

**IN:** Ano ano yung mga safety protocols na kailangan niyo sundin bilang delivery rider. Pano yung proseso lalo na ngayong pandemic?

**J:** Bale wala naman in-orient sa amin, ang sa amin lang, use face mask and face shield. Nakadepende nalang din sa amin kung apano kami naghahandle pag nagdedeliver kami. Sariling diskarte nalang.

**IN:** Usually sa mga restaurant may mga FoodPanda lane na, laking tulong ba yun. Nakkaapekto ba yun sa points?

**J:** Hindi naman siya lagi nasusundan, kasi before kami pumunta sa vendors, prepared na yung orders. Si FoodPanda kasi ang nagbobook sa restaurant. Ang tao kasi pag nagbobook, direct sa FoodPanda, si FP naman ang magdirect sa restaurant. Then bago yan magsend samin, una yan sa restaurant.

**J:** Minsan kasi meron ding order na pagdating namin sa vendors, waiting pa kami, mga 20 minutes or 30, epekto narin yun saming mga riders, kasi ang habol namin ay time, importante yun sa amin. Kapag mabilis kami sa oras, nakakarami kami, pag nadedelay kami sa oras, delay rin kami.

**IN:** Yung capital ba sa pagbayad ng pagkain, galing ba yun sa inyo, or may abono allowance kayo sa pag order?

**J:** Actually wala kaming cash out sir, wala kaming capital. Yung food na pinipickup namin sa restaurant, ang magbabayad nun si FoodPanda. Pero

yung customer, magbabayad direct sa amin. Pero yung pinipickup namin items, wala yun bayad.

**IN:** So pano yung hatian ng pera na binigay sayo ng customer?

**J:** Dito kasi sa Mindanao, iba yung rate dito at sa Manila. Maraming proseso. Depende din sa batch. Pagnagbabatach 6 or 4 ka, medyo mababa yung rate mo.

**J:** Sa application namin papatak yung rate namin kada deliver, kung sa Batch 6, 5KM is 38 peso sa Mindanao.

**IN:** Pano yun sir, at the end of the day, sinusurrender niyo yung kinita niyon on-hand cash?

**J:** End of the day, nireremit niamin yunsa mga remittance center para sa DragonPay.

**J:** Weekly ang sahurang namin, nakadepende sa app namin. May GCash kami.

**J:** Meron din kami quota, kasi yun na nga, pag yung quota mo di nagmeet, hindi aakyat yung batch mo, steady ka lang.

**IN:** Meron ba kayong dispatcher, ano ginagawa nila?

**J:** Bale sila yung nag-aarrange sa amin, kung saan kami nakadestino na location. Siya nagbibigay ng booking ng customer.

**J:** Siya yung nakatingin sa location namin dahil nakabukas yung GPS namin, alam niya kung saan kami pumepwesto, pero minsan nagkakamali din, kasi malayo kami nakapwesto, malayo din yung pupuntahan, tapos same rate lang. Parang lugi din.

**J:** Pwede naman idecline or accept; pero nakakaapekto sa batch namin.

**IN:** Ano po seswelduhin niyo sa mga Free Delivery vouchers namin?

**J:** Si FP kasi malaki-laki narin percent niya sa restaurant, don niya na rin kukuhanin yung cut namin.

**J:** May percent na siya sa restaurant, meron pa siyang cut sa delivery.

**J:** Medyo malaki yung patong ni FP vs. SRP

**IN:** Okay lang ba maishare niyo sa amin yung estimate ng kinikita niyo sa kada-week?

**J:** Bale sir, di kasi parepareho, ako kasi minsan full time, minsan part-time lang, minsan pag part-time, kunti lang din.

**J:** Pero pag full time, pinakamababa na yung 3000 sa isang linggo, 5 days yun, meron pang mga fees yun. Pag lumalabas yun sa earnings niyo, may deduction pa yun, kagaya nung pinapalabas samin ngayon na insurance daw sa motor, tapos yung may tax, pero minsan nagtataka kami kung bakit kami nagbabayad ng tax, kasi kung sa iba, company na ang nagbabayad ng tax, pero okay lang din naman sa amin, kasi kumbaga dito sa amin, ang minimum wage dito 360 per day, kung sa FoodPanda 400 to 500, mas lamang naman.

**J:** Yung 400 na yan sa isang araw, bawas pa yun dahil sa gasolina at sa load, personal namin yun. Mga 300 nalang sa amin pag ganun.

**IN:** Ano po ba mga issues na naexperience niyo bilang mga rider? Problema sa cashout, weekly sahod? Sa apps?

**J:** Ang mga problema na nararanasan ko sa FP, minsan marami pang mga customer yung fakebook. Pero ako, mga 2 times na ako nakaexperience ng ganyan.

**J:** Naencounter ko sa iba yung nagkakaroon sila ng problema sa apps. About sa pagrereemit sila ng complete, tapos di nagceclear yung wallet nila sa app, hindi pumasok sa system. Pag ganon, minsan yung system ng FoodPanda, hindi din nila maupdate agad kung bakit ganun nangyayari, ang mangyayari doon, automatic suspension sa rider, kasi pag hindi ka nakapagremit, may suspension ka talaga, kasi alam niya ang earning mo per day, kaya dapat pumasok yun.

**J:** May hub kami dito sa Zamboanga ng FoodPanda, pero naghihire lang sila dito, ang ginagawa lang namin is sa app lang kami nagtiticket at nageexplain. Hindi kami agad nasasagot, aabutin ng mga 2 days or more. Mahirap din para sa amin, kasi wala talaga kaming personal na mapagcocomplain-an.

**IN:** Sa mga no-show orders, ano yung parang ginagawa niyong proseso?



**J:** Sa fakebook sir, ang ginagawa kasi namin doon, ppumupunta kami sa hub namin, tapos sinusurrender namin yung food na di kinuha. Doon, nagtiticket yung head na taga-opisina, tapos siya na yung mag-eexplain sa main office, pero hindi pwede palaging ganun, pag mga 4 to 5 times na angyari yun sayo, masususpend ka.

**J:** Kami kasi mga rider, di naman namin gagawin yun, kasi kam rin yung maghihirap eh. (talking about fakebooking themselves to earn)

**IN:** May kinikita pa ba kayo sa mga fakebook? Binabayaran pa ba kayo ng FoodPanda?

**J:** Wala na ata sir, kasi icancel nalang yun ni FoodPanda. Perwisyo lang talaga sa amin.

**IN:** Ano yung remittance center ninyo sa kita? Accessible naman ba?

**J:** Cebuana Lhuillier or Palawan Express.

**IN:** Meron bang parang rules or protocol pag kunwari na fakebook kayo? May mga policy ba si FoodPanda about sa ganun?

**J:** Parang wala sir. Kasi di ko naman yun narinig ganun sa orientation.

**IN:** Kamusta naman experience sa pagtatrabaho sa FoodPanda?

**J:** Kami mga riders, may araw na masaya, may araw na pressured din. Araw-ulan, sinusugod namin yan eh, pati narin yung traffic. Minsan nadedelay ka sa traffic, mga prone sa accidents din.

**J:** Walang wala talaga kami eh. Wala kaming SSS, PagIbig ganun.

**J:** Kumbaga sa aming mga riders, okay na talaga, kasi nakakaraos naman kami. Lalo na ngayong pandemic, wala talagang ibang trabaho, ito lang. Wala masyadong mga naghihire na company.

**J:** Pero kung pagpipiliin kami, dun ako sa may company, kasi kumpleto dun eh. Dito kasi sa FoodPanda, wala kami. Doon insured kami. Pwede naman siguro na mag self-employ, pero hassle naman.

**IN:** Ano napapansin ninyo kapag scammer yung order?

**J:** Karamihan po di talaga namin mapapansin kasi magagaling magbook yan. Complete details sila, di mo rin malalaman. Malalaman mo nalang yan pagdating mo sa location. Matatawagan mo pa yan sa vendor, pero pagpunta mo dun, di na sasagot, di na sisipot.

**J:** Ang hirap doon, kapag may mangtrip sa isa, kami pa yung damay.

**IN:** Importante ba sa inyo yung mga ratings ng customer sa mga batch niyo?

**J:** Yes sir, importante yun, kase karamihan talaga, may time limit kami. Pag nadedelay kami, nagriring yung cellphone tapos magsasabi na overdue na kami.

**J:** Yes sir, nakakatulong siya sa mga batch namin, pero minsan din di na namin hinahabol yung mga batch namin, ang sa isip kasi namin kami nagdadrive, kami yung nasa daan.

**J:** Ang sa amin, kung madelay man kami, explain nalang sa customer. Minsan may may mga nakakaintindi, may mga maangas.

**IN:** Paano niyo nahahandle yung mga napipikon na customer?

**J:** Wala kami magawa pag ganun, magsosorry nalang. Magkakalma nalang. Di kami nagmamataas.

**J:** “Customer is always right”

**IN:** Pag ganun ba naencounter, madali lang magsabi sa management?

**J:** Madali naman sir, pwede naman magsabi sa management, pero ang problema nga lang diyan sir, di natin alam kung always yan naniniwala. Kaya nga meron suspension eh, kasi kung naniniwala sila palagi, edi sana walang suspension.

**J:** Nabibiktima na nga kami ng fakebook, masususpend pa, kawawa talaga kami.

**J:** Priority nila lagi customer siyempre, kahit papano priority din naman kami, pero wala, palagi naman kami nasa daan eh.

**J:** Kami din, inaalagaan din namin ang mga customer, sa kanila din kami kumukuha ng sinusweldo namin. Kung wala sila, wala kami.

**IN:** Meron ba si FoodPanda na parang benefits na binibigay?

**J:** Wala sir, mga benefits wala talaga. As in wala po.

**J:** Mga regular benefits, SSS, PagIbig, PhilHealth, wala yan.

**IN:** Wala rin po ba si FoodPanda na binibigay na incentives, bonus, pang-load ganun?

**J:** Wala talaga sir, personal po yun.

**J:** Pag ako sumasahod sa week, nagloload na ako ng 100 pesos ganun. (GigaSurf ng Smart), good for 1 week na yun. Minsan short talaga sa pang-gas. Minsan may mga customers na nagbibigay ng tip, mga pabente-bente, pandagdag na rin po sa gas, pero minsan lang talaga dito sa area namin.

**IN:** Musta naman ang overall experiences mo sa FoodPanda, describe in one word po.

**J:** Excitng and takot din. Kasi ngayon time ng pandemic, yung customer nga di lumalabas dahil takot, kami naman, binalewala namin yun kasi kailangan.

**J:** Meron din kaba, kasi di kami makadiretso sa bahay kasi galing kami sa labas, kumbaga kung ano na rin yung mga trabaho ng mga frontliner noon, parang ganun na rin kami.

**IN:** Meron bang binibigay na suporta ang gobyerno para sa inyong mga essential workers.

**J:** Wala sir.

**IN: BONUS:** Tinanong ko si kuya kung ano gusto niyang maresolba sa FoodPanda:

**J:** Magkaroon ng mapagsabihan ng personal sa management, puro lang kasi kami chat sa dispatch, di naman sila pilipino

- Di naman kami magaling sa English
- Lagi lang si system ang kausap namin

**IN:** Ano ba sa tingin niyo pwede naming gawin para makatulong sa inyo?

**J:** Sa amin lang talaga sir, isa lang talaga. Kasi ang trabaho namin, di talaga siya 100% safe, kasi nasa daan kami palagi. Hindi kami perpekto sa daan din, minsan nagkakamali kami sa daan, minsan unting galaw lang namin nahuhuli kami, natiticketan.

**J:** Dito sa lugar namin ngayon, napansin ko, mejo mainit kami sa LTO ganun, kasi sa sobrang dami namin.

- Parang sa isip namin, wala ba kaming permit or ano. Si FoodPanda ba ay may permit ba talaga? Kami bang mga riders ay nakaregister ba? May occupational permit ba kami?
- Parang nagmamaneho lang kasi kami, parang habal-habal. Ang naiba lang sa amin, nagseserve kami ng pagkain at under kami sa kumpanya.
- Para sa amin, nakakatulong naman kami sa mga tao, lalo na yung mga PWD.
- Kami naman talaga naghahandle sa sarili namin, kasi ito lang talaga ang hanapbuhay namin sa ngayon sir. May mga pamilya din kaming pinapakain, kahit na nakaktakot man siya or napakasafe talaga, ang sa amin nalang, dasal nalang. Sana sa pag biyahe namin sa araw na to is safe kami. Kasi kung yung simpleng mga nagseservice nalang diyan, naaksidente pa. Kami pa kayang mga may hinahabol na time, nasa daan kami palagi, lagi nagmamadali o iniwasan na lumamig ang pagkain. Nagmamadali kami para makarami, at para fresh pa ang pagkain. Nasa amin na lahat.
- Nag-aadjust din kami para sa customer, nag-aadjust kami para di magkamali. Sayang na din yung mga tipong dalawang araw masuspend. Laking kawalan na rin yun sa amin.
- Wala man kaming ibang choice (na trabaho), salamat parin kami kay FoodPanda kasi binibigyan niya kami ng opportunity para makapaghanap buhay, adjustment nalang.
- 

**IN:** If kunwari makakausap niyo si management ngayon, ano ang gusto niyong sabihin?

**J:** Isa lang talaga, yung mabibigyan kami ng magandang atensyon o serbisyo, bilang kami nagbibigay ng serbisyo sa kanila, mabigyan rin kami ng magandang serbisyo galing sa kanila.

- Tulad ng term na “freelancer”, di naman talaga parang ganun nangyayari, kasi may sinusundan kaming oras at performance.
- Sa Grab daw kasi, kung gusto nila mag-in or out, okay lang; sa FoodPanda hindi.
- Ubusan pa ng schedule sa FoodPanda, pag naubusan ka ng schedule, wala kang trabaho. Nag-aagawan ng schedule.
- Every Friday may posted schedule na, tapos kaialngan makakuha na agad ng schedule. Kapag kunwari may emergency kami or importanteng gagawin, ang patakaran ni FP, kaialngan mo talaga pagtrabahuhan yung sched mo.
- Mahirap, kasi pag kunwari nga may emergency, mangyayari is iooffer or swap namin yan sa ibang rider, pag di kinuha, mapipilitan ka talaga magtrabaho.
- Ang ginagawa namin minsan, pag may emergency o di talaga kaya (kunwari may sakit), maglologin kami sa tamang oras, tapos after mga 5 minutes magwowork na siya, may papasok na siya na orders ganun. Ang gagawin namin, magrerequest kami ng break nalang.
  - Gawin namin “Break until end of shift” pero sobrang apektado sa batch namin yun, kasi hindi talaga kayaa ng katawan namin.
  - Di tulad sa kumpanya, pwede ka magsickleave, sa FoodPanda, gagawan talaga namin ng paraan, iooffer namin yung slot namin, pero bihira na may kukuha kasi meron na sila sariling schedule. Kung may kumuha, edi okay, kung wala, need talaga namin pagtrabahuhan yan.
    - Posible na bumaba ang batch, apektado kami pag nag skip kami ng schedule.
    - Wala kaming sick leave; wala kami mapagsabihan din.

[END 2:00PM]

## **Sir L Interview Transcription**

Interviewer: Calvin Jacob F. Gaffud  
and Cecilio Joaquin O. Jabrica

Interviewee: L

Date of Interview: March 12, 2021 (2:00 pm)

Location of Interview: Facebook (Virtual chat)

List of Acronyms: **LD** = L **IN** = Interviewer

[Begin 2:05 pm]

**IN:** Kuya L, gaano katagal na po kayo sa FoodPanda?

**LD:** 6 months na ko sa FoodPanda

**IN:** Paano po kayo nakapag apply sa FoodPanda and kayo ba ay may pinirmahan na kontrata nung namasukan kayo? Ano yung mga requirements para makapasok? Full-time ka na ba kuya or part-time lang? And yung mga equipment mo ba kuya sariling gastos mo 'yon or provided sya ni FoodPanda?

**LD:** Nagapply ako online sa website nila, nung nagapply ako may kontrata akong pinirmahan, binasa ko naman yung mga importante pero hindi ko na maalala lahat ng nakalagay. Sa ngayon full-time na ko sa FoodPanda kasi kami naman pumipili ng sarili naming oras, from 6 hours to max of 12 hours. Sanay na ako sa mga ganyan kasi dati akong nagtrabaho sa restaurant. Yung mga requirements naman na pinasa ko ay yung ORCR ng motor ko, NBI Clearance, at professional driver's license. Yung gas sa sariling pera ko galing yung pang-bayad non, tapos kapag nag apply ka kay FoodPanda madodown ka ng 500 from your initial salary na 3,500 para sa equipment tulad ng box, helmet at uniform namin.

**IN:** Okay kuya, so anu-ano naman ang mga safety protocols na sinusunod n'yo bilang delivery rider? May binibigay ba ang FoodPanda sa safety gears para sa inyo? At papaano n'yo po naprapractice ang social distancing?

**LD:** Meron naman silang facemask na binibigay samin pero yung alcohol at mga gamot sarilig gastos namin 'yun. Ang kailangan naman naming sundin palagi ay ang pagsusuot ng facemask at faceshield sa tuwing nagdedeliver kami at dapat palagi rin nag sasanitize. Naprapractice naman sya kasi kapag pumupunta kami sa mga restaurant may pwede ang mga rider para hindi na kami magdikit dikit.

**IN:** So kuya, sa usapang sahod naman. Paano ba kayo nasweswelduhan at pwede mo ba samin makwento kung okay lang naman, kahit yung average na kinikita mo sa FoodPanda?

**LD:** Sa GCash kami sinuswelduhan ni FoodPanda, tuwing Tuesday at Thursday 'yon. Automatic na dumadating sa GCash namin ang suweldo sa mga araw na 'yon. Kapag 8 hours ang shift ko average ko sa isang araw nasa 1000, at kung masipag ka naman at umabot ka ng 12 hours, aabutin sa 1500 to 1800 ang susuwelduhin mo sa isang araw.

**IN:** Noted kuya, so bale ba sa pagiging rider mo, ano yung mga problemang nararanasan mo? Tapos kung nangyari 'yang mga 'yan sayo, ano ginagawa mo para maresolba yung problema?

**LD:** Marami na ako naranasan lalo na sa mga restaurant, example nyan, madaming pila tapos ang tagal ng dating ng pagkain tapos si customer nakakailang follow-up na, hindi nila maintindihan na hindi makuha kaaad ang order dahil sa tagal ng service ng restaurant. Nakaranas rin ako na Fakebooking, hindi naman problema saakin yung sa pera dahil si FoodPanda naman ang nagbabayd ng pagkain kaso ang abala lang 'don ay yung pagsasayng ng oras at yung pagpunta kay customer. Tapos kadalasan mas pinipili pa ni FoodPanda na kumampi kay customer kahit hindi ko naman kasalanan. Wala naman ako magagawa kaya tuloy parin ako.

**IN:** Puwede mo ba saamin maikwento kuya ang proseso ng pagkuha n'yo ng orders?

**LD:** Bale, pupuntahan mo lang naman yung store, magiintay ka tapos idouble check mo yung order nya kung pasok na sa app, pagkakuha mo ng order nya idouble check mo ulit kasi minsan may kulang. Tapos byahe ka na then hatid mo na sa customer.

**IN:** Ano naman kuya yung mga issues na nararanasan mo sa pagdedeliver? Sa management ng FoodPanda at yung mismong app?

**LD:** Dapat maging patas ang FoodPanda kasi kadalasan mas kinakampihan pa nila ang customer kesa sa rider kahit wala naman kami ginagawang kasalanan. Tapos madalas nag eerror yung app sa kalagitnaan ng transaction kaya minsan nakakaabala, ang masama pa ‘don, samin yung consequences ‘non kahit yung app naman yung nagloloko. Tapos sana yung mga customer matuto rin makaintindi ng rider, kasi minsan hindi talaga agad-agad makakarating yung order.

**IN:** Speaking of customer kuya, naka-encounter ka na ba ng “no-show” orders mula sa mga customers?

**LD:** Apat na beses ko na naranasan yung mga “no-show” customers at scam pero wala naman problema kasi si FoodPanda naman ang nagbabayad ng orders tapos kapag nakumpleto na namin yung shift namin, lahat ng nakolekta namin sa mga orders ay ireremit namin.

**IN:** Pano naman nakakaapekto sayo bilang rider kuya?

**LD:** Mahirap pero minsan pinapabayaan ko nalang kasi mas iniisip ko yung pamilya ko, kailangan kasi kumita lalo na ngayon yung asawa ko mangangaanak, kaya yung mga problema sa app at sa mga customer disregard ko nalang, hingi nalang ako pasensya, iaabot ko yung order tapos aalis na ako.

**IN:** Kamusta naman kuya yung experience mo sa mga customers?



**LD:** May mga customer naman na mababait kaso hindi talaga maiiwasan yung mga customer na hindi marunong umintindi. Sila na yung nanloloko pero sila pa yung nagagalit. Tapos kapag nascam ka or kapag ramdam mong mascascam ka, hindi mo pwedeng icancel yung order hanggat hindi ka nakakrating sa location kaya minsan hassle talaga.

**IN:** Meron na po ba kayong naexperience na technical difficulties sa app ng Food Panda?

**LD:** Bale connected ang Waze sa Food Panda app, kaya minsan naliligaw ako kasi nagloloko yung Waze. Kahit malapit na yung address papaikutin ka pa.

Minsan naman sir naghhang yung app, kaya nadodoble yung pagbook nung customer kahit isa lang naman order niya.

**IN:** Importante ba sanyong mga riders ang rating ng customers?

**LD:** Oo sir importante yon kasi doon nanggagaling mga incentives, makakapili ka ng schedule at tsaka mas tataas batch mo.

Yung Batch 1 yung masisipag, talagang walang pili sa booking kahit delikado kukunin. Yung fare din nila mas mataas kumpara sa Batch 4.

**IN:** So kuya paano niyo naayos o nareresolba kapag may problema kayo sa customer?

**LD:** Manghihingi nalang ako ng pasensya sir tapos ibibigay ko nalang yung pagkain, hindi din kasi ako mahilig sa gulo.

**IN:** Anong mga protocols meron ang Food Panda pagdating sa mga bogus buyers pati scammers?

**LD:** Meron naman kaso hindi mahigpit, binaban nila yung mga nangsscam kaso nakakagawa naman sila ng panibagong account.

**IN:** Ano ano ang mga policy ng Food Panda pagdating sa suporta sa kanilang mga riders?

**LD:** Yung mga schedules mo pinapasukan mo kasi kung hindi, masususpend ka. Mahirap din makapili ng schedule kapag mababa batch mo, kailan lang may naholdup dito malapit sa amin. Hindi ko lang alam kung may tulong na gagawin ang Food Panda don.

**IN:** Meron bang binibigay na benefits ang Food Panda?

**LD:** Merong insurance lang, sa penalties naman pwede ka nila isuspend ng mahigit isang linggo o pwede ka matanggal sa trabaho.

**IN:** So kuya nagbibigay ba ng kapital ang Food Panda o sarili niyong gastos yung mga deliveries?

**LD:** Food Panda ang may hawak ng pambayad.

**IN:** Meron po ba kayong natatanggap ng incentives mula sa kompanya tulad ng load o pang data?

**LD:** Sariling gastos po namin ang pang load.

**IN:** Pwede niyo po ba maikwento yung mga challenges na naharap niyo sa trabaho simula nung nagkaroon ng pandemic?

**LD:** Maganda kita kasi bawal lumabas yung mga tao para bumili ng pagkain, kaya naka asa sila sa rider.

**IN:** Anong mga challenges niyo?

**LD:** Ginagawa namin kada bagong order na kinukuha, nagsasanitize kami. Pero siyempre natakot din kami nung una kasi kapag nagka Covid, may posibilidad na matanggal sa trabaho tapos yung mahal ng mga bills sa ospital.

**IN:** May suporta po ba kayong natanggap mula sa kumpanya o sa gobyerno?

**LD:** Ang mga binigay na suporta ng Food Panda at tsaka gobyerno samina yung mga libreng groceries linggo linggo.

**IN:** Ano po reason niyo o motivation niyo kung bakit kayo naging rider?

**LD:** Kaya ako naging rider sir kasi hawak ko oras ko at saka wala akong boss.

[END 2:45PM]